Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-01 NG AGOSTO, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 103-2019

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGGAGAWAD NG KAPANGYARIHAN SA PUNONG LUNGSOD, IGG. GILBERT T. GATCHALIAN, NA PUMASOK AT LUMAGDA SA ISANG KASUNDUAN (MEMORANDUM OF AGREEMENT) SA PAGITAN NG DEPARTMENT OF SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT FIELD OFFICE PARA SA PROGRAMANG HOME CARE SUPPORT SERVICES FOR SENIOR CITIZEN AT FAMILY DRUG ABUSE PREVENTION PROGRAM (FDAPP).

Akda nina: IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, IGG. DENNIS D. SAN DIEGO, IGG. FRANCISCO J. CASTRO, IGG. EDGARDO F. DOMINGO, IGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO

SAPAGKAT, lumiham ang pinuno ng Panlungsod na Tanggapan sa Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad na si Bb. Lolita SP. Santos, RSW, na humihiling na mabigyang kapangyarihan ang Punong Lungsod, Inh. Gilbert T. Gatchalian na pumasok at lumagda sa isang kasunduan (Memorandum of Agreement) sa pagitan ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) Field Office para sa Programang HOME CARE SUPPORT SERVICES FOR SENIOR CITIZEN at FAMILY DRUG ABUSE PREVENTION PROGRAM (FDAPP).

SAPAGKAT, itinatadhana ng Batas Republika Blg. 7432 na sinusugan ng Batas Republika Blg. 9257 at ng Batas Republika Blg. 9994 o mas kilala sa taguring "Expanded Senior Citizen's Act of 2010" ang pagbibigay ng mga pribilehiyo at benepisyo para sa mga Pilipinong may edad 60 pataas o yaong mga *Senior Citizens;*

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

SAPAGKAT, pangunahin sa layunin ng Pamahalaang Panlunsod ng Malolos ang pagbibigay ng mga benepisyo at pribilehiyo sa mga mamamayan nitong nabibilang sa sektor ng Senior Citizens gayundin ang pagseseguro na ang mga benepisyong ito ay maihahandog o naibibigay sa kanila sa lahat ng oras;

SAPAGKAT, ang adhikain ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos at ng City Social Welfare and Development Office (CSWDO) ay maisasakatuparan sa pamamagitan ng isang konkretong programa at mabilisangpag-iimplementa nito;

SAPAGKAT, naaayon sa Saligang Batas, mas partikular bilang Artikulo 13 Sekyon 11, ang estado ay dapat na magsagawa ng isang komprehensibong hakbang upang matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan sa pagkain, kalusugan at serbisyong pang kalahatan. Lalo't mahalagang tugunan ang pangagailangan ng mga kabataan, bababaihan, may sakit, may kapansanan at matatanda;

SAPAGKAT, naaayon pa din sa Saligang Batas, mas partikular bilang Artikulo 13 Sekyon 12, ang estado ay dapat magtayo at magpanatili ng isang epektibong regulasyon o programang pang-pagkain at pangkalusugan upang palaganapin at siguraduhin ang kapakanan

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI — KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI — KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI — KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI — KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI — KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI — KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

ng bawat isang mamamayan at hikayatin ang bawat isa para sa balanse, mapayapa, at matiwasay na pamumuhay;

SAPAGKAT, bilang katugunan sa minamandato ng ating Saligang Batas at Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay nakiisa sa mithiin ng Deparment of Social Welfare and Development (DSWD) Field Office at City Social Welfare Development Office (CSWDO) na magpatupad ng isang programang HOME CARE SUPPORT SERVICES FOR SENIOR CITIZEN sa ating lungsod;

SAPAGKAT, ayon sa itinatadhana ng Seksyon 22(c) ng Batas Republika 7160 o' mas kilala bilang "Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas" ay may kapangyarihan ang Punong Ehekutibo na pumasok sa isang kasunduan at katawanin ang isang Pamahalaang Lokal sa isang kasunduan o' kontrata na may kaukulang otorisasyon buhat sa kinauukulang Sanggunian;

SAPAGKAT, pinagtibay sa lebel ng lupon ang kahilingan batay sa Committee Report No. 03-2019;

DAHIL DITO, sa kahilingan ni Igg. Nino Carlo C. Bautista na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na mabigyang kapangyarihan si Inh. Gilbert T. Gatchalian, Punong Lungsod ng Malolos na pumasok at lumagda sa isang kasunduan (Memorandum of Agreement) sa pagitan ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) Field Office para sa implementasyon ng HOME CARE SUPPORT SERVICES FOR SENIOR CITIZEN Program at Family Drug Abuse Prevention Program (FDAPP).

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*080119